# ISANG DEKADA

Imahen ng 2020 ang mababalikan sa naipong larawan
Ng mga face shield at face mask sa museo ng alaala.
Pero kayrami ngang sakuna ang nagdaan: hagupit ng bagyo,
Alingawngaw ng lindol, muling panganganak ng salot,
At ang hindi na makatindig-balahibong pamamaslang.
Ngunit sa mga pagitan nito ay patuloy na tumitindig, sumusuntok
Ang ating mga kamao—lumilikha ng makatuwiran na búkas.
Naghahanap nang ganap na liwanag na maikukuyom habambuhay
Sa ating mga palad.

Nilisan natin ang lungsod at naririto tayo ngayon sa probinsya.
Naglalaba sa sapa, namimingwit sa ilog, nagbubungkal ng lupa
Sa munti nating taniman. Nililibang natin, Mahal, ang ating sarili
Sa pag-aalaga ng mga manok, pato, gansa, kalapati, at baboy.
Nakapagtuturo tayo sa ating kapitbahayan ng tamang pagtatanim
Ng lansones, kalamansi, talong, kundol, at kamatis,
Na kapwa natutuhan sa mga bungkalan noong magtapos ng kolehiyo.

Kanina, habang himbing ka pa, naglibot ako sa paanan ng Isarog
At namitas ng mga hamog at mababangong rosal
Para sa ikasampung anibersaryo ng pumanaw nating anak,
Na binawi ng pangahas na COVID-19.

Paggising mo, magkasabay natin siyang ipanalangin,
Patuloy pang mahalin.